Mga karagdagang serbisyo (ipinagpatuloy)			Maaaring ma-redeem ang mga puntos para sa mga gift card, hanggang \$75 kada taon, mula sa iyong mga paboritong tindahan tulad ng Walmart®, at higit pa. Maaari kang magsimulang makakuha ng mga puntos sa pamamagitan lamang ng pagrehistro. Kabilang sa ilang mga kwalipikadong aksyon para maging malusog: • Pagkumpleto ng Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan • Pagkonekta ng isang fitness device • Mga taunang pagpapatingin habang walang sakit • Mga taunang bakuna para sa trangkaso, • Mga screening para sa kanser, • Pagsusuri ng A1C Mayroong mga gagamiting paghihigpit sa gift card.

Ang buod ng mga benepisyo sa itaas ay ibinigay para lang sa mga layunin ng pagbibigay-impormasyon at hindi ito kumpletong listahan ng mga benepisyo. Para sa kumpletong listahan at higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo, maaari ninyong basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP). Kung wala kayong *Handbook ng Miyembro*, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito upang makakuha nito. Kung mayroon kayong mga tanong, maaari din kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro o bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

D. Mga benepisyong saklaw ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP)

May ilang serbisyo na makukuha ninyo na hindi sinasaklaw ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) ngunit sinasaklaw ng Medicare, Medi-Cal, o Estado o ahensya ng county. Hindi ito kumpletong listahan. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro na nakalista sa ibaba ng pahinang ito upang matuto pa tungkol sa mga serbisyong ito.

Iba pang serbisyong saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o isang Ahensya ng Estado	Ang iyong mga gastos
Waiver sa Pamumuhay na May Tulong (ALW)	\$0
Multipurpose na Mga Serbisyo sa Matanda (MSSP)	\$0
Mga Serbisyo sa Regional Center	\$0
Mga Espesyalidad na Serbisyo ng County para sa Sakit dahil sa Pag-abuso sa Paggamit ng Droga/Gamot o Pag-inom ng Alak (SUD)	\$0
Mga Serbisyo o Provider na May Waiver sa Bahay at Komunidad (HCBS)	\$0
Mga Serbisyo o Provider na Pansuporta sa Loob ng Bahay (IHSS)	\$0
Medi-Cal Rx: Mga Serbisyo o Provider ng Rx na Saklaw ng Medi-Cal	\$0
Mga Denti-Cal Plan: Mga Serbisyo o Provider sa Ngipin ng Medi-Cal	\$0

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



Iba pang serbisyong saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o isang Ahensya ng Estado	Ang iyong mga gastos
Ilang serbisyo sa ngipin Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng miyembro ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin (DMC) sa www.dental.dhcs.ca.gov/Contact Us/DMC Member Contact Information/DMCMemberContactInformation. Para sa Programa ng Medi-Cal para sa May Bayad na Serbisyo sa Ngipin, makipag-ugnayan sa Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 o bisitahin ang website sa smilecalifornia.org or sonriecalifornia.org.	\$0
Ilang partikular na serbisyo sa pangangalaga sa hospisyo na sakop sa labas ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP)	\$0
Psychosocial na rehabilitasyon	\$0
Pamamahala sa partikular na kaso	\$0
Kuwarto at pamamalagi sa rest home (lugar para sa matatanda)	\$0

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



E. Mga serbisyong hindi saklaw ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP), Medicare, at Medi-Cal

Hindi ito kumpletong listahan. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito upang alamin pa tungkol sa iba pang hindi kasamang serbisyo.

Mga serbisyong hindi saklaw ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP), Medicare, at Medi-Cal	
Mga serbisyo na itinuturing na hindi “makatwiran at medikal na kinakailangan,” alinsunod sa mga pamantayan ng Medicare at Medi-Cal, maliban kung ililista namin ang mga ito bilang mga sakop na serbisyo.	Isang pribadong kuwarto sa isang ospital, maliban kapag medikal na kinakailangan.
Mga pang-eksperimentong medikal at pang-operasyong paggamot, mga gamit, at gamot, maliban kung sasakupin ng Medicare, ng isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na aprubado ng Medicare o ng aming plano ang mga ito. Sumangguni sa Kabanata 3 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga klinikal na pananaliksik na pag-aaral. Ang mga pang-eksperimentong paggamot at mga gamit ay ang mga hindi pangkahalatang tinatanggap ng medikal na komunidad.	Full-time na pangangalaga ng nars sa inyong tahanan.
Mga pribadong naka-duty na nars	

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



F. Ang inyong mga karapatan bilang isang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP), mayroon kayong ilang karapatan. Maaari ninyong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi pinaparusahan. Maaari din ninyong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nawawalan ng mga serbisyo ninyo sa pangangalagang pangkalusugan. Sasabihin namin sa inyo ang inyong mga karapatan nang hindi bababa sa isang beses bawat taon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro*. Kasama sa inyong mga karapatan ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- **May karapatan kayong respetuhin, at tratuhin nang patas at may dignidad.** Kasama rito ang karapatang:
 - Makakuha ng mga sakop na serbisyo nang walang alalahanin tungkol sa medikal na kundisyon, katayuan ng kalusugan, pagtanggap ng mga serbisyong pangkalusugan, karanasan sa mga claim, medikal na kasaysayan, kapansanan (kabilang ang pinsala sa pag-iisip), katayuan sa pag-aasawa, edad, kasarian (kabilang ang mga stereotype sa kasarian at kinikilalang kasarian), sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, lahi, kulay, relihiyon, pinaniniwalaan, o tulong mula sa pamahalaan
 - Makakuha ng impormasyon sa ibang wika at format (halimbawa, malaking print, braille, o audio) nang libre
 - Maging malaya sa anumang uri ng pagpigil o seklusyon
- **May karapatan kayong kumuha ng impormasyon tungkol sa pangangalaga sa inyong kalusugan.** Kasama rito ang impormasyon tungkol sa paggamot at ang mga opsyon ninyo sa paggamot. Ang impormasyong ito ay dapat nasa wika at format na nauunawaan ninyo. Kasama rito ang karapatang makakuha ng impormasyon tungkol sa:
 - Paglalarawan sa mga serbisyong sinasaklawan namin
 - Paano makakakuha ng mga serbisyo
 - Magkano ang babayaran ninyo para sa mga serbisyo
 - Mga pangalan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



- **May karapatan kayong gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga, kasama ang pagtanggì sa paggamot.** Kasama rito ang karapatang:
 - Pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) at palitan ang inyong PCP anumang oras sa buong taon
 - Magpatingin sa provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga kababaihan nang walang referral
 - Makuha kaagad ang inyong mga saklaw na serbisyo at gamot
 - Malaman ang lahat ng opsyon sa paggamot, magkano man ang mga ito o kung sinasaklawan ang mga ito
 - Tumanggi sa paggamot, kahit na hindi sumasang-ayon dito ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan
 - Huminto sa paggamit ng gamot, kahit na hindi sumasang-ayon dito ang inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan
 - Humingi ng pangalawang opinyon. Babayaran ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) ang gastos para sa inyong pagpapatingin para sa pangalawang opinyon
 - Maipaalam ang inyong mga kagustuhan sa pangangalagang pangkalusugan sa paunang direktiba
- **May karapatan kayo sa napapanahong access sa pangangalaga na walang anumang hadlang sa pakikipag-ugnayan o pisikal na hadlang.** Kasama rito ang karapatang:
 - Makatanggap ng napapanahong pangangalagang medikal
 - Pumasok at lumabas sa tanggapan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ibig sabihin, walang hadlang na access para sa mga taong may kapansanan, alinsunod sa Americans with Disabilities Act
 - Magkaroon ng mga interpreter na tutulong sa pakikipag-ugnayan sa inyong mga provider sa pangangalagang pangkalusugan at inyong planong pangkalusugan

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



- **May karapatan kayong humingi ng pang-emergency at agarang pangangalaga kapag kailangan ninyo ito.** Ibig sabihin nito ay may karapatan kayong:
 - Makakuha ng mga serbisyong pang-emergency nang walang paunang pahintulot sa isang emergency
 - Gumamit ng agaran, o pang-emergency na provider ng pangangalaga na wala sa network kapag kinakailangan
- **May karapatan kayo sa pagkakumpidensyal at pagkapribado.** Kasama rito ang karapatang:
 - Humingi at makatanggap ng kopya ng inyong mga medikal na tala sa anyong nauunawaan ninyo, at hilinging baguhin o iwasto ang inyong mga tala
 - Panatilihin ang inyong personal na impormasyon ng kalusugan
- **May karapatan kayong maghain ng reklamo o iapela ang isang tinanggihan, inantala, o binagong serbisyo, pakitingnan ang seksyon G sa ibaba.** Kasama rito ang karapatang:
 - Maghain ng reklamo o karaingan laban sa amin o sa aming mga provider
 - Mag-apela ng ilang partikular na desisyong ginawa namin o ng aming mga provider
 - Maghain ng reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DMHC) sa pamamagitan ng toll-free na numero ng telepono (1-888-466-2219), o linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pananalita. Ang website ng DMHC (www.dmhc.ca.gov/) ay may mga form para sa reklamo, mga application form para sa Hiwalay na Pagsusuring Medikal (IMR) at instruksyon na makukuha online.
 - Humiling sa DMHC ng IMR ng mga serbisyo o item ng Medi-Cal na kailangan sa paggamot
 - Humiling ng Pagdinig sa Estado
 - Makakuha ng detalyadong rason kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo at humiling ng libreng kopya ng lahat ng impormasyong ginamit sa paggawa ng desisyon

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, maaari ninyong basahin ang *Handbook ng Miyembro*. Kung mayroon kayong mga tanong, maaari kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

Maaari din ninyong tawagan ang espesyal na Ombudsman para sa mga taong may Medicare at Medi-Cal, sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., o ang Tanggapan ng Ombudsman ng Medi-Cal sa 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

G. Paano maghain ng reklamo o iapela ang isang tinanggihan, inantala, o binagong serbisyo

Kung mayroong kayong reklamo o kung sa palagay ninyo ay hindi wastong tinanggihan, inantala, o binago ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) ang isang serbisyo, tawagan ang Mag Serbisyo para sa Miyembro sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito. Maaari ninyong iapela ang aming desisyon.

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, maaari ninyong basahin ang **Kabanata 9** ng *Handbook ng Miyembro*. Maaari din kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

Kung hindi pa rin kayo sumasang-ayon sa desisyong ito, maaari kayong:

- Humiling ng “Hiwalay na Pagsusuring Medikal” (IMR) at susuriin ng isang tagasuri mula sa labas na hindi nauugnay sa planong pangkalusugan ang inyong kaso
- Humiling ng “Pagdinig ng Estado” at susuriin ng isang hukom ang inyong kaso

Maaari kayong humiling ng IMR at Pagdinig ng Estado nang sabay. Maaari din ninyong hilingin ang isa rito bago ang isa pa upang malaman kung malulutas muna nito ang inyong problema. Halimbawa, kung hihilingin muna ninyo ang IMR, ngunit hindi kayo sang-ayon sa desisyon, maaari pa rin kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa ibang pagkakataon. Gayunpaman, kung hihilingin muna ninyo ang Pagdinig ng Estado, ngunit naisagawa na ang pagdinig, hindi kayo makakahiling ng IMR. Sa sitwasyong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may pinal na desisyon.

Hindi ninyo kailangang magbayad para sa IMR o Pagdinig ng Estado.

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



HIWALAY NA PAGSUSURING MEDIKAL (IMR)

Kung gusto ninyo ng IMR, dapat kayong humiling nito sa loob ng **180 araw sa kalendaryo** mula sa petsa ng sulat na “Abiso ng Paglutas ng Apela”. May makikita kayong impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng IMR sa talata sa ibaba. Tandaan na ang terminong “karaingan” ay tumutukoy sa “mga reklamo” at “mga apela.”

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ang responsable sa pagkontrol sa mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong karaingan laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna kayong tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa **1-800-431-9007 (TTY: 711)** at gamitin ang proseso ng apela ng Wellcare Dual Align (HMO D- SNP) bago makipag-ugnayan sa Departamento. Ang paggamit sa proseso ng karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang potensyal na legal na karapatan o remedyong maaari ninyong gamitin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang karaingan kaugnay ng isang emergency, isang karaingang hindi nalutas nang kasiya-siya ng inyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi pa nalulutas nang mahigit 30 araw sa kalendaryo, maaari ninyong tawagan ang Departamento para sa tulong. Maaari rin kayong maging kwalipikado para sa isang Hiwalay na Pagsusuring Medikal (IMR). Kung karapat-dapat kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng iminungkahing serbisyo o paggamot, pagsaklaw para sa mga desisyon para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lamang at mga hindi pinagkasunduan na pagbabayad para sa mga emerhensiya o agarang serbisyong medikal. Ang Departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono **(1-888-466-2219)** at linya ng TDD **(1-877-688-9891)** para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet Website ng Departamento na (<http://www.dmhc.ca.gov>) ay may mga form para sa reklamo, application form para sa IMR, at mga instruksyon online.

PAGDINIG NG ESTADO

Kung gusto ninyo ng Pagdinig ng Estado, humiling nito sa loob ng **120 araw sa kalendaryo** mula sa petsa ng liham na “Abiso ng Paglutas ng Apela” (Notice of Appeal Resolution o NAR) na nagbibigay-alam sa inyo na hindi tuluyan o ganap na kinukumpirma ang nakaraang Pagpapasya sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo (Adverse Benefit Determination). Gayunpaman, **kung kasalukuyan kayong nakakatanggap ng paggamot at gusto ninyong patuloy na makatanggap nito, dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw sa kalendaryo** mula sa petsa kung kailan naihatid sa inyo ang liham na NAR, O bago ang petsang isinaad ng inyong planong pangkalusugan na mahihinto na ang mga serbisyo. Dapat ninyong sabihin na gusto ninyong patuloy na matanggap ang paggamot kapag hiniling ninyo ang Pagdinig ng Estado.

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag at pagsulat:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-743-8525**. Maaaring maging napakaabala ng numerong ito. Maaari kayong makatanggap ng mensaheng magpapatawag sa inyo sa ibang pagkakataon. Kung may problema kayo sa pagsasalita o pandinig, pakitawagan ang **TTY/TDD 1-800-952-8349**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang form para sa Pagdinig ng Estado o magpadala ng sulat sa:

**California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-433
Sacramento, CA 94244-2430**

May form para sa Pagdinig ng Estado na kasama sa liham na ito. Tiyaking isama ang inyong pangalan, address, numero ng telepono, Numero ng Social Security, at ang dahilan kung bakit gusto ninyo ng Pagdinig ng Estado. Kung may tumutulong sa inyong humiling ng Pagdinig ng Estado, ilagay ang kanyang pangalan, address, at numero ng telepono sa form o liham. Kung kailangan ninyo ng interpreter, ipaalam sa amin kung anong wika ang sinasalita ninyo. Hindi ninyo kailangang magbayad para sa isang interpreter. Ikukuha namin kayo nito.

Pagkatapos ninyong humiling ng Pagdinig ng Estado, maaari abutin nang hanggang 90 araw upang pagpasyahan ang inyong kaso at padalhan kayo ng sagot. Kung sa palagay ninyo ay makakaapekto sa inyong kalusugan ang paghihintay nang ganoon katagal, maaari kayong makakuha ng sagot sa loob ng 3 araw. Hilingin sa inyong doktor o planong pangkalusugan na gawan kayo ng liham. Detalyado dapat na ipinapaliwanag sa liham kung bakit lubhang malalagay sa panganib ang inyong buhay, kalusugan, o ang inyong kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang hangganan ng paggana kung maghihintay nang hanggang 90 araw sa kalendaryo. Pagkatapos, tiyaking humiling ng **“pinabilis na pagdinig”** at ibigay ang liham kasama ang inyong kahilingan para sa pagdinig.

Maaaring kayo mismo ang magsalita sa Pagdinig ng Estado o maaaring magsalita para sa inyo ang isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, doktor, o abugado. Kung gusto ninyong ibang tao ang magsalita para sa inyo, sabihan ang tanggapan ng Pagdinig ng Estado na pinapayagan ang taong iyon na magsalita para sa inyo. Ang taong ito ay tinatawag na “pinapahintulatang kinatawan.”

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, maaari ninyong basahin ang Kabanata 9 ng *Handbook ng Miyembro* ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP). Maaari rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP).

Kung mayroon kayong problema, alalahanin, o mga tanong na nauugnay sa inyong mga benepisyo o pangangalaga, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP).

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



H. Ano ang dapat gawin kung may pinaghihinalaan kayong panloloko

Ang karamihan ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyo ay tapat. Sa kasamaang-palad, maaaring may ilang hindi tapat.

Kung sa tingin ninyo ay may maling ginagawa ang isang doktor, ospital, o iba pang parmasya, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

- Tawagan kami sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP). Nakalista ang mga numero ng telepono sa ibaba ng pahinang ito.
- O, tawagan ang Center ng Serbisyo sa Customer ng Medi-Cal sa 1-800-541-5555. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-800-430-7077.
- O, tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Maaari mong tawagan ang mga numerong ito nang libre, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- O, Tawagan ang Hotline para sa Panloloko ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-977-3565 (TTY: 711). Maaari ninyong tawagan ang mga numerong ito nang libre, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Ipadala ang inyong ulat sa:

Special Investigations Unit

7700 Forsyth Blvd.

Clayton, MO 63105

- O, tawagan ang Hotline para sa Panloloko at Pang-aabuso ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa 1-800-822-6222 (TTY:711), o tawagan ang Sangay ng Medi-Cal kaugnay sa Panloloko at Pang-aabuso ng Matatanda ng Attorney General sa 1-800-722-0432 (TTY:711). Libre at kumpidensyal ang inyong tawag. Para mag-ulat ng panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso sa pamamagitan ng sulat, isulat ang pangalan, address at numero ng ID ng taong gumawa ng panloloko, pag-aaksaya, pang-aabuso. Magbigay ng maraming impormasyon tungkol sa tao hangga't maaari, gaya ng numero ng telepono o espesyalisasyon nito kung isa itong provider. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at isang buod ng kung ano ang eksaktong nangyari.

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



Abiso sa Hindi Pandidiskrimina

Labag sa batas ang pandidiskrimina. Sumusunod ang Wellcare By Health Net sa mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang Wellcare By Health Net ay hindi nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang iba dahil sa sex, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, genetic na impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o oryentasyong sekswal.

Ibinibigay ng Wellcare By Health Net ang:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para matulungan silang makipag-ugnayan nang mas mahusay, gaya ng:
 - Mga kuwalipikadong interpreter ng sign language
 - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking titik, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika para sa mga taong hindi English ang pangunahing wika, gaya ng:
 - Mga kuwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang mga wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Wellcare By Health Net sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-431-9007**. Sa pagitan ng Oktubre 1 hanggang Marso 31, maaari ninyo kaming tawagan 7 araw sa isang linggo mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, maaari ninyo kaming tawagan Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. May ginagamit na sistema sa pagmemensahe pagkatapos ng oras ng opisina, tuwing weekend, at tuwing mga pederal na holiday. Kung mayroon kayong mga problema sa pandinig o pagsasalita, mangyaring tumawag sa **TTY 711**. Kapag hiniling, maaaring maging available sa inyo ang dokumentong ito sa braille, malaking titik, audiocassette, o elektronikong anyo. Upang makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

Wellcare By Health Net

21281 Burbank Blvd.

Woodland Hills, CA 91367

1-800-431-9007 (TTY: 711)

Paano Maghain ng Karaingan

Kung sa tingin mo ay nabigo ang Wellcare By Health Net na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa anumang paraan na nakabatay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng grupo ng etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, impormasyon ng genes, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kayong maghain ng karaingan sa Mga Serbisyo Para sa Miyembro. Maaari kayong maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-ugnayan sa Coordinator ng Mga Karapatang Sibil ng Wellcare By Health Net sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-458-2208**. Sa pagitan ng 8 a.m. at 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes. O, kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY 711**.
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang form ng reklamo o sumulat ng liham at ipadala ito sa:
Wellcare Civil Rights Coordinator
P.O. Box 9103
Van Nuys, CA 91409-9103
- **Sa personal:** Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o ang Wellcare By Health Net at sabihin na gusto ninyong maghain ng karaingan.
- **Sa pamamagitan ng elektronikong paraan:** Bisitahin ang website ng Wellcare By Health Net sa **wellcare.com/healthnetCA**.

Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Maaarir kayong maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-916-440-7370**. Kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY 711 (Telecommunications Relay Service)**.
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:
Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413
Available ang mga form para sa reklamo sa **http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx**.
- **Sa pamamagitan ng elektronikong paraan:** Magpadala ng email sa **CivilRights@dhcs.ca.gov**.

Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil – Departamento Department of Health and Human Services

Kung naniniwala kayong nadiskrimina kayo sa batayan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari rin kayong maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi kayo nakakapagsalita o nakakarinig nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang form ng reklamo o magpadala ng liham sa:
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201
Available ang mga form ng reklamo sa **<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>**.
- **Sa pamamagitan ng elektronikong paraan:** Bisitahin ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa **<https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>**.

Kung mayroon kayong mga pangkalahatang tanong o tanong tungkol sa aming plano, mga serbisyo, pinaglilingkurang serbisyo, pagsingil, o Mga ID Card ng Miyembro, mangyaring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align (HMO D-SNP):
1-800-431-9007

Libre ang mga tawag sa numerong ito. Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. May ginagamit na sistema sa pagmemensahe pagkatapos ng oras ng opisina, tuwing weekend, at tuwing mga pederal na holiday.

May available rin na libreng serbisyo ng tagapagsalin ng wika mula sa Mga Serbisyo para sa Miyembro para sa mga hindi nagsasalita ng Ingles.
TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m.

Kung may mga tanong ka tungkol sa iyong kalusugan:

Tawagan ang inyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP). Sundin ang mga tagubilin ng iyong PCP para sa pagkuha ng pangangalaga kapag sarado ang tanggapan.

Kung sarado ang tanggapan ng inyong PCP, maaari din ninyong tawagan ang Nurse Advice Call Line. Pakikinggan ng isang nars ang inyong problema at sasabihin niya sa inyo kung paano makakuha ng pangangalaga. (*Halimbawa:* agarang pangangalaga, emergency room). Ang mga numero para sa Nurse Advice Call Line ay:

1-800-893-5597

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon.

Ang Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) ay mayroong libreng mga serbisyo ng interpreter ng wika na available sa mga hindi nagsasalita ng Ingles.

TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga para sa kalusugan ng pag-uugali, mangyaring tawagan ang Linya para sa Kalusugan ng Pag-uugali sa:

1-800-646-5610

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon.

Ang Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) ay mayroong libreng mga serbisyo ng interpreter ng wika na available sa mga hindi nagsasalita ng Ingles.

TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon.

Kung mayroon kayong mga tanong, mangyaring tumawag sa Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY:711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.



Checklist Bago ang Pag-enroll

Bago gumawa ng desisyon sa pag-enroll, mahalagang ganap mong nauunawaan ang aming mga benepisyo at panuntunan. Kung mayroon kang anumang mga tanong, puwede kang tumawag at makipag-usap sa isang kinatawan ng Serbisyo para sa Customer sa 1-800-225-8017 (TTY: 711). Ang mga oras ay mula Lunes - Linggo, 8 am - 8 pm (lahat ng time zone).

Pag-unawa sa Mga Benepisyo

- Nagbibigay ang Katibayan ng Pagsaklaw (EOC) ng kumpletong listahan ng pagsaklaw at mga serbisyo. Mahalagang suriin ang pagsaklaw, mga gastos, at mga benepisyo ng plano bago ka mag-enroll. Bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA o tumawag sa 1-800-225-8017 (TTY: 711). Ang mga oras ay mula Lunes - Linggo, 8 am - 8 pm (lahat ng time zone).
- Suriin ang direktoryo ng provider (o tanungin ang iyong doktor) para matiyak na nasa network ang mga doktor na pinupuntahan mo ngayon. Kung hindi sila nakalista, ibig sabihin, malamang na kailanganin mong pumili ng bagong doktor.
- Suriin ang direktoryo ng parmasya para matiyak na nasa network ang parmasyang pinupuntahan mo para sa anumang inireresetang gamot. Kung hindi nakalista ang parmasya, malamang na kailanganin mong pumili ng bagong parmasya para sa iyong mga reseta.
- Suriin ang formulary para matiyak na saklaw ang iyong mga gamot.

Pag-unawa sa Mahahalagang Panuntunan

- Maaaring magbago ang mga benepisyo, premium, at/o copayment/co-insurance sa Enero 1, 2026.
- **Epekto sa Kasalukuyang Pagsaklaw.** Kung kasalukuyan kang naka-enroll sa isang plano ng Medicare Advantage, magtatapos ang iyong kasalukuyang pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan ng Medicare Advantage kapag nagsimula na ang bagong pagsaklaw ng Medicare Advantage mo. Kung mayroon kang Tricare, maaaring maapektuhan ang iyong pagsaklaw kapag nagsimula na ang bagong pagsaklaw ng Medicare Advantage mo. Mangyaring makipag-ugnayan sa Tricare para sa karagdagang impormasyon. Kung mayroon kang plano ng Medigap, kapag nagsimula na ang pagsaklaw ng Medicare Advantage mo, maaaring gustuhin mong itigil ang iyong patakaran sa Medigap dahil magbabayad ka para sa pagsaklaw na hindi mo magagamit.
- **Para sa mga planong DSNP:** Maliban sa mga emergency o agarang sitwasyon, hindi namin sinasaklaw ang mga serbisyo ng mga provider na wala sa network ng mga provider (mga doktor na hindi nakalista sa direktoryo ng provider).
- Ang planong ito ay isang plano para sa may espesyal na mga pangangailangan na kwalipikado sa mga benepisyo ng Medicare at Medicaid (D-SNP). Ang iyong kakayahang mag-enroll ay ibabatay sa pagberipika na may karapatan ka sa parehong Medicare at pangmedikal na tulong mula sa isang plano ng estado sa ilalim ng Medicaid.